



Lathalain ng Atimonan One Energy, Inc. tuwing ika-3 buwan •Bulto 5 Bilang 4• Disyembre 2018

Comprehensive Land Use Plan para sa Atimonan, natapos na



Sina Atimonan Mayor Ticoy Mendoza (pangalawa sa kaliwa), Municipal Administrator John Francis Luzano, Municipal Health Officer Richard Argulla, M.D., at Konsehal Nestor Santander kasama ang Grandt Planners, Inc. sa pangunguna ni Architect Grace Ramos sa ginanap na workshop sa Playa de Lucia Resort noong Oktubre 12, 2018.

MATAGUMPAY na naisagawa ang huling *workshop* para sa pagbuo ng **Comprehensive Land Use Plan (CLUP)** para sa bayan ng Atimonan noong **ika-12 ng Oktubre 2018**.

Ang aktibidad na ito ay kaugnay ng planong pagkakaroon ng mga bagong *growth zones* at *zoning ordinances* sa Atimonan upang tumugon sa lumalawak na sektor ng kalakalan at upang magkaroon din ng komprehensibong plano para sa lugar na itinuturing na *agricultural, institutional, commercial, residential, industrial* at *protected areas*.

Matatandaang nagsagawa na ng tatlong *workshops* noong Abril at Agosto at mga konsultasyon sa iba't-ibang sektor at departamento ng lokal na pamahalaan hinggil sa mga nilalaman ng CLUP.

Nakapaloob sa nasabing plano ang mga impormasyon ukol sa pamamahala, alokasyon at tamang paggamit ng mga lupain sa bayan ng Atimonan.

Dito rin nakadetalye ang magiging basehan sa pagpapatayo ng mga proyekto na pang-imprastruktura na makakatulong sa ikauunlad ng bayan.

Ang aktibidad na ito ay pinangasiwaan ng Grandt Planners, Inc. (GPI), ang pribadong ahensya na kinuha ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) para tulungan ang lokal na pamahalaan para mabuo ang naturang plano.

Tuluy-tuloy na magiging katuwang at kaagapay ng lokal na pamahalaan ang A1E upang maipatupad ang mga prayoridad na proyektong makakatulong sa bayan ng Atimonan.

Nagpaabot ng pasasalamat ang mga opisyal ng bayan sa mga naging katuwang nila lalo't higit sa A1E at sa GPI na silang pangunahing naging susi upang magkaroon ng CLUP ang Atimonan at maayos na mailatag ang proyektong makakatulong sa mga residente.#

A1E, Pinarangalan ng DepEd-Quezon



KINILALA ng Department of Education (DepEd) – Quezon ang Atimonan One Energy, Inc. (A1E) noong ika-12 ng Disyembre 2018 sa Sevilla's Farm Resort Domoit, Lucena City.

Sa taunang Gawad Kaagapay, isa ang A1E sa mga kumpanyang pinarangalan ng kagawaran bilang pagkilala sa mga proyekto ng kumpanya na sumusuporta sa mga layunin ng ahensya.

Ilan sa mga proyektong ito ay ang "Adopt-a-School Program", "Kaisa sa Nutrisyon", patuloy na pakikilahok sa Brigada Eskwela ng iba't-ibang paaralan sa Atimonan sa pamamagitan ng pagkukumpuni ng mga silid-aralan, at ang pagkaloob ng mga gamit gaya ng libro na makapaglilingang sa kaalaman ng mga mag-aaral.

Nangako naman ang A1E na patuloy na magiging kaagapay ng DepEd – Quezon ang organisasyon sa pagtataguyod ng kalidad na edukasyon tungo sa magandang kinabukasan ng bawat mag-aaral sa Atimonan. #

Pagsasanay para sa maayos na pamamasada, inilunsad

MAHIGIT na 600 na *tricycle drivers* at *operators* ang nakiisa sa kauna-unahang pagsasanay noong Nobyembre na naglalayong gawing mas ligtas at mas maayos ang pamamasada sa bayan ng Atimonan.

Ang programang ito ay tugon ng Atimonan One Energy (A1E) sa kahilingan ng Livelihood Programs for Tricycle Association, Inc. (LPTA) at lokal na pamahalaan ng Atimonan sa pangunguna nina Mayor Rustico Joven Mendoza at Vice Mayor Nida Veranga na matulungan sila na mabigyang muli ng oryentasyon ang mga *tricycle drivers* at *operators* hinggil sa *road safety and courtesy*.

Nagtagal ng limang araw ang pagsasanay na isinagawa sa pamahalaang barangay ng Tagbakin at Zone III Poblacion. Ang mga kalahok ay nakiisa sa mga talakayan tungkol sa mga lokal na ordinansa sa pagmamaneho at pamamasada pati na ang mga panuntunan sa pagkuha at pagre-new ng prangkisa.

Pinangunahan ng mga miyembro ng Highway Patrol Team ng Quezon Province sa pamumuno ni Police Chief Inspector Ira Morello at SPO2 Noel De Ramos ang pagsa-



Si SPO2 Noel de Ramos habang nagtuturo ng mga batas trapiko sa mga nagsidalong *tricycle drivers* at *operators* upang maiwasan ang aksidente sa kalsada at ligtas ang mga itong makapagserbisyo sa publiko.

sanay kung saan tinalakay ang mga pangunahing batas sa kalsada at mga sasakyan, ligtas na pagmamaneho, at tamang pag-uugali habang nagbibigay ng serbisyo sa mga pasahero.

Naniniwala rin ang pamunuan ng LPTA na isa sa haligi ng Atimonan ang mga *tricycle drivers* at *operators* sa pagbibigay

ng serbisyo publiko sapagkat ito ang pangunahing transportasyon ng mga residente.

Bilang katuwang ng lokal na pamahalaan, nais ng A1E na unti-unting magkaroon ng sapat na kamalayan ang mga *drivers* at *operators* sa mga polisiyang ipinatutupad sa mga pampublikong lansangan. #

Bamboo crafts training, pinaigting



MATAGUMPAY na naidaos ang ikalawang pagsasanay sa paggawa ng bamboo crafts noong Nobyembre 21 – 23, 2018 sa New Carinay Multi-Purpose Hall.

Ito ay muling isinagawa sa pakikipagtulungan ng Department of Trade and Industry-Quezon at New Gumaca Woodcraft Multi-Purpose Cooperative na siyang naging pangunahing katuwang ng A1E simula pa ng ilunsad ito noong Hulyo ng nasabing taon. Layon ng nasabing pagsasanay na lalong mapaganda ang kalidad at hitsura ng mga nasabing produkto.

Ilan sa mga paksang tinalakay sa tatlong araw na pagsasanay ay ang tamang pagpapatuyo, pagdidisenyo, pagpipinta, at paglililok ng mga kawayan.

Sa ngayon ay nakikilala na ang Villa Ibaba Handicraft Association sa ibang bayan at nakakatanggap na ng mga imbistasyon sa paglahok sa mga *trade fairs* at *art exhibits* upang maitampok ang kanilang ipinagmamalaking mga produkto. #

TESDA Iskolars ng A1E, NC II Passers na

LIMANG iskolar ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) na kumuha ng kursong Electrical Installation Maintenance (EIM) ang nakapasa sa pagsusulit na pinangasiwaan ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) noong Disyembre 6 at 7, 2018 sa Mauban, Quezon.

Kinilala ang lima na sina Romme Randall Mepiraque, Yancy Grayson Canales, Vencent Rosalda, Ian Carlo Liwanag at Mico Delos Reyes na pawang mga residente sa magkakaibang barangay sa Atimonan.

Apat na buwang nagsanay ang mga ito sa Quezonian Educational College, Inc. kung saan ay pinag-aralan nila ang tamang pagkakabit at pagsasaayos ng *electrical wiring*, pagpapailaw at pag-aayos ng iba-t-ibang kagamitan kagaya ng *CCTV* at *fire alarm*. Ang kasanayang nabanggit ay isa sa mga kakailanganin sa ginagawang planta ng kuryente ng A1E.

Bukod sa EIM, nakapagpatapos na din ang A1E ng mga *out-of-school youth* sa kursong *shielded metal arc welding operations* nitong mga nakalipas na taon na mga nagsisipagtrabaho na sa iba't-ibang lugar. #



Dalawa sa mga nakapasang TESDA iskolar na sina Grayson Canales (kaliwa) at Mico Delos Reyes (kanan) habang aktwal na nagkukumpuni ng mga wirings sa kanilang teknikal na pagsasanay.

A1E, kaisa sa pagtataguyod ng nutrisyon sa Atimonan

BILANG kaisa sa pagtataguyod ng mga programang pangkalusugan para sa mga Atimonanin, nagsagawa ang Atimonan One Energy, Inc. (A1E) ng *feeding program* sa Brgy. Angeles na sinimulan noong Hulyo at nagtapos noong ika-9 ng Nobyembre, 2018

Ang programang ito ay naisakatuparanan sa pakikipagtulungan ng Atimonan Rural Health Unit, Konsehala May Tamayo, Konsehala Estela Lim, at ng lokal na pamahalaan at mga barangay health workers (BHW) ng Angeles.

Labinlimang (15) bata na may edad 3 hanggang 5 taong gulang ang sumailalim sa programang Kaisa sa Nutrisyon (KAIN) ng A1E. Sa loob ng apat na buwan ay araw-araw na binibigyan ng bitamina ang mga bata upang masiguro ang tuluy-tuloy na pag-unlad ng kanilang kalusugan at timbang.

Ang KAIN ay isa sa mga proyekto ng kumpanya upang tugunan ang lumalalang kaso ng malnutrisyon sa barangay.

Samantala, nagsagawa rin ng “Pabasa sa Nutrisyon” ang A1E sa barangay hall ng Brgy. Villa Ibaba noong ika-12 ng Nobyembre na kinapulutan naman ng bagong kaalaman ng mga dumalo.



Ang mga batang kabilang sa programang Kaisa sa Nutrisyon kasama ang kanilang mga magulang habang sila ay kumakain ng pagkaing inihanda at nirekomenda ng mga barangay health workers at mga empleyado ng Rural Health Unit.

Labinlimang (15) kababaihan at mga buntis ang nakilahok sa oryentasyon na ito na pinangunahan ni Gng. Maricris Gollena buhat sa Municipal Health Office.

Kasama din sa programa ang Sangguniang Barangay at mga BHWs mula sa Brgy. Villa Ibaba.

Ang mga programang ito ay isinagawa upang paigtingin ang kampanya sa wastong nutrisyon, balanseng pagkain, at benepisyo ng pagpapasuso sa mga sanggol. Ang A1E ay kagapay ng lokal na pamahalaan ng sa pagtataguyod ng ligtas at malusog na pamayanan. #

A1E, nagsagawa ng medikal, dental at optikal mission

NAGSAGAWA ang Atimonan One Energy, Inc. (A1E) ng libreng medikal, dental at optikal mission noong nakaraang buwan ng Nobyembre sa mga residente ng Brgy. Villa Ibaba at Villa Ilaya.

Mahigit 100 pasyente ang nabiyayaan ng libreng konsultasyon, gamot pati na *dental* at *eye check-up* na ginanap sa New Carinay Multi-Purpose Hall. Ito ay sa tulong ng lokal na pamahalaan ng Atimonan at ng Rural Health Office sa pangunguna ni Dr. Richard Argulla. Ilan pa sa mga doktor na nagbigay ng libreng serbisyo ay sina Dra. Renilda De Silva, Dra. Aurea Pacheco, at Dra. Thelma Maranan. Umalalay din ang mga opisyal ng Villa Ibaba at mga barangay health workers nito upang matagumpay na maisagawa ang mga libreng konsultasyon.

Ilan sa mga naitalang karamdaman ay may kinalaman sa *respiratory infections*, *hypertension*, *gastroenteritis*, at *allergies*. Nagkaroon din ng libreng pagbabakuna para sa mga sanggol at pagbabahagi ng mga babasahin ukol sa wastong nutrisyon at tamang pagkain na pinamahalaan naman ng mga *midwives*.

Nagkaroon din ng libreng serbisyong medikal at *eye service* para sa mga may kapansanan at *senior citizens* na ginanap



Magkatulong na nagsagawa sina Merylyn Marasigan at Anjanette Marandos, mga kawani ng Atimonan Rural Health Unit, ng physical examination sa isang pasyente sa medical mission na ginanap sa New Carinay Multi-Purpose Hall.

naman sa Senior Citizens’ Building sa Brgy. Zone I. Ito ay sa pakikipagtulungan ng Samahan ng Nagkakaisang may Kapansanan sa Atimonan (SANKABA).

May 68 na katao ang napagkaloo-ban ng libreng reading glasses. Nagsagawa rin ng *blood chemistry test* at *body pain relief shockwave therapy* sa mga pasyenteng nahihirapang igalaw ang ilang bahagi ng

katawan na isinagawa ng mga volunteers mula sa RAKKK Prophet Medical Center, Inc. at Rizal Eye Center.

Layon ng proyektong pangkalusugangitona mabigyan ng *access* sa serbisyo medikal at iba pang serbisyong pangkalusuganang mga residenteng Atimonan na hindi makayang tustusan ang pagpapagamot sanhi ng mataas na halaga na kaakibat nito. #

A1E Scholar, Pasado sa Criminology Licensure Exam



pa ang kanyang mga pinapangarap.

Nakapasa sa NAPOLCOM PNP Entrance Exam at Criminology Board Exam si Marj ngayong Enero 2019. #

Isang Tinig

Litz Santana **Chris Chua**
Tagapayong Patnugot

Claire Feliciano
Judy Espiritu
Kasangguni sa Editoryal

Cynthia Pardo
Jester Querubin
Philip Santander
Patrick Collantes
Portia de Vera

Grupong Editoryal

Address: 2F Parco Bldg, Jose Rizal cor. Quezon St., Brgy. Zone 1, Atimonan Quezon Province

Tel.No.: +63 42 795 5831
Email: info_a1e@a1e.ph

(KALIWA) Si Marjorie Fernandez kasama ang isa sa mga police officer mula sa Lucena Police Station kung saan sya ay nag-on-the-job training. (KANAN) Kuha ni Marjorie na sya ay naka-toga.

“HINDI ka magtatagumpay, kung hindi ka matututo sa iyong mga pagkakamali,” ani Marjorie Anuada Fernandez, ang iskolar ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E) na kamakailan lamang ay pumasa sa kagaganapan na Criminology Licensure Examination.

Si Marjorie o Marj sa kanyang mga kamag-anak at kaibigan ay isa sa mga residente ng Brgy. Villa Ilaya. Pangalawa sa apat na magkakapatid, nahinto sya sa pag-aaral dulot ng problemang pinansyal. Si Marj ay anak ni Irene Fernandez na isang magsasa-

ka mula sa Brgy. Villa Ilaya.

Isa sya sa mga pinalad na maging iskolar ng Atimonan One Energy (A1E) noong 2017.

Malaki ang pasasalamat ni Marj sa tulong at suporta ng A1E. Ayon sa kanya, malaking bahagi ang A1E sa pag-abot ng kaniyang mga pangarap.

Itinuring niyang inspirasyon ang mga balakid dahil sa determinasyon niyang makapagtapos ng pag-aaral, at ang determinasyon na ito ang baon nya upang maabot

A1E Stakeholders Christmas Party muling idinaos

MAHIGIT 200 kinatawan ng iba't-ibang ahensya ng pamahalaang lokal at pribadong samahan ang nakipagsaya sa Atimonan One Energy, Inc. (A1E) noong ika-7 ng Disyembre sa Brgy. Tagbakin, Atimonan, Quezon.

Pinasalamatang ng A1E ang mga nagsidalo sa kanilang patuloy na pagsuporta sa proyekto. Bag-

ama't kasalukuyang pang inaantay ng A1E ang Power Supply Agreement (PSA) nito ay patuloy pa rin ang pagsasagawa ng mga programang makatutulong sa mamamayan ng Atimonan.

Kasama din sa pagdiriwang ang Sangguniang Barangay ng Villa Ibaba sa pangunguna ni Kapitan Rogelio Balinsayo pati na ang pamunuan ng New Carinay Homeowners' Association, Inc. at iba pang mga organisasyon na katuwang ng A1E gaya ng Mitsubishi Hitachi Power Systems (MHPS) at Dinamico. #



Masayang tinanggap ni Kap. Melanie Alfuerto kina Meralco PowerGen General Manager Dan Niel, Dinamico General Manager Jinnam Kim at A1E AVP/Development Manager Chris Chua ang kanyang napanalunang washing machine.

Dalaw-Turo, idinaos sa apat pang barangay



Si Gefford Asidera, Health and Safety Officer ng Atimonan One Energy, Inc. (kanan), habang ipinapaliwanag sa mga mag-aaral ang paraan kung paano patakbuhan ang isang makabagong powerplant.

APAT pang barangay ang napagdausan ng Dalaw-Turo sa Bayan ng Atimonan noong nakaraang Oktubre. Ito ay ang mga Brgy. Rizal, Malinao Ilaya, Lumutan at Brgy. Balubad.

Layon nito na palawakin ang kaalaman ng mga Atimonanin ukol sa itatayong planta ng Atimonan One Energy, Inc. (A1E)

Kasama ang Department of Environment and Natural Resources, sinisugurado ng information, education, at communication campaign na ito napatuloy na maipaliwanag ang kahalagahan at benepisyong maibibigay ng A1E hindi lamang sa mga mamamayan ng Atimonan pati na din sa bansa. Isa rin itong paraan upang mabigyang linaw ang mga katanungan tungkol sa proyekto na may kinalaman sa teknolohiya, kalikasan, hanapbuhay at kalusugan. #